Katotohanan Tungkol sa *Staphylococcus o Methicillin-Resistant Staphylococcus Aureus* (MRSA)

Kaalamang ipinagkaloob ng Center for Disease Control

Ano ang *Staphylococcus aureus o* ang *Staph*?

Ang Staph ay isang uri ng bakterya. Maaari itong magbigay ng impeksiyon sa balat na parang taghiyawat o pigsa. Ang impeksiyon sa balat dahilan sa Staph ay maaaring kulay pula, namamaga, makirot, o may nana o nagtutubig. Ang ibang Staph (na kilalang Methicillin-Resistant Staphloccous aureus o MRSA) ay lumalaban sa ilang gamot, na nagiging mahirap na gamutin. Ang mga kaalaman sa pahinang ito ay may kinalaman sa kapuwa Staph at MRSA.

Sino ang dinadapuan ng impeksiyon na Staph?

Ang sinuman ay maaaring dapuan ng impeksiyon na Staph. Ang malulusog na tao ay mahina ang mangyayaring mahawa ng MRSA. Maaaring mahawa ng Staph ang mga taong:

- Madikit sa balat ng taong may impeksiyon na Starph
- Gumamit ng mga kagamitan at kasangkapang may Staph
- May galos, sugat o nalaslas na balat
- Nasa nagsisiksikang lugar
- Maruming kapaligiran

Gaano kalubha ang impeksiyon na Staph?

Karamihan ng impeksiyon na Staph ay hindi kalubhaan at maaaring madaling gamutin. Maaari ring ang Staph ay maging dahilan ng malubhang impeksiyon gaya ng impeksiyon sa dugo, bahagi ng pagtitistisan, o pulmoniya. Kung minsan, ang impeksiyong Staph na nagsisimula sa impeksiyon sa balat ay maaaring lumubha. Mahalagang tawagan ang inyong manggagamot kung ang inyong impeksiyon ay hindi bumubuti.

Papaanong ang impeksiyong Staph ay ginagamot?

Ang paggamot ng impeksiyon sa balat na Staph ay maaaring kabilang ang pag-inom ng antibiyotik o ang pagpapatuyo sa impeksiyon ng manggagamot. Kung kayo ay binigyan ng antibiyotik, tiyaking inuming lahat ang gamot, kahit na ang impeksiyon ay bumubuti na, maliban kung sinabi ng manggagamot na itigal na ang pag-inom. Huwag ipamigay sa iba o itabi ang natirang gamot para sa susunod na paggamit.

Ano ang magagawa upang matigil ang pagkalat ng Staph?

- Malimit na paghugas ng kamay o paggamit ng panlinis na may alkohol.
- Paglinis ng sugat o galos sa balat at takpan nang malinis na benda.
- Huwag hipuin ang sugat o benda ng ibang tao.
- Huwag ipagamit ang sariling kagamitan gaya ng tuwalya o pang-ahit.

Ano ang ginagawa ng distrito upang mapangalagaan ang mga mag-aaral at kagawad?

Ang San Diego Unified School District ay mayroong mga patakaran para sa pag-iwas at pinag-uukulan ng usapan tungkol sa Staph at MRSA sa mga paaralan. Tunghayan sa http://www.sandi.net/depts/nursing_wellness/forms/mrsa.pdf .

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa kalusugan ng inyong mag-anak, tawagan ang inyong manggagamot. Sa karagdagang kaalaman, tunghayan ang www.cdc.gov.